Ano ang dapat gawin kung mayroong singil na wala kayong pahintulot

- Kaagad tumawag sa inyong kumpanya ng telepono kung mayroong singil na walang pahintulot mula sa inyo o ninuman na may pahintulot gumamit ng inyong telepono. Sabihin sa kumpanya kung anu-anong singil ang inyong tinututulan. Kung kayo ay mayroong higit sa isa na numero ng telepono sa inyong singil, sabihin kung sa aling numero isinama ang singil na inyong tinututulan.
- Sabihin sa inyong kumpanya ng telepono na tingnan ang inyong mga nakaraang singil upang malaman kung kailan unang isinama ang singil na inyong tinututulan. Humingi kayo ng kredito sa kumpanya ng telepono sa bawat buwanang singil na walang pahintulot ninyo. Tanungin rin sa kumpanya ng telepono ang inyong mga pagpipilian sa pagharang ng tawag.
- Ang inyong kumpanya ng telepono ay mayroong 30 araw para kayo ay bigyan ng kredito sa mga singil na inyong tinututulan o para bigyang linaw ang singil na wala kayong pahintulot. Kung ang kumpanya ng telepono ay pumayag na bigyan kayo ng kredito, tingnan ang susunod ninyong singil upang matiyak na naroon ang mga kredito.

California Public Utilities Commission

Telecommunications Education and Assistance in Multiple-Languages (TEAM) Program

www.cpuc.ca.gov/team-and-changes

cabteamandchanges@cpuc.ca.gov

If you are not able to resolve your dispute with your service provider, call the Consumer Affairs Branch (800) 649-7570

Paano Mapangangalagaan ang Inyong Sarili sa mga “Singil na “Walang Pahintulot mula sa Ikatlong Panig”

KOMISYON NG CALIFORNIA SA MGA GAMIT PAMPUBLIKO

Paalala na Dapat Ninyong Malaman

Maging matalino sa pagbili ng mga serbisyo na isasama sa singil ng inyong telepono.

Ang inyong kumpanya ng telepono ay maaari kayong payagan na bumili ng mga bagay o serbisyo (halimbawa: “apps” o plano sa tawag na pang-malayuan) mula sa ibang kumpanya at ang bayad sa mga ito ay ilalagay sa singil ng inyong telepono. Ito ang tinatawag na mga serbisyo ng ikatlong panig (“third party”). Bago bumili, tiyakin na inyong naiintindihan ang binibili, ang halaga, at mga kasamang kondisyon. Alamin kung ito ay minsanang pamimili o tuloy tuloy na may buwanang bayad. Kung kayo ay magpapasimula ng serbisyo ng telepono, ang inyong kumpanya ng telepono ay kailangang ipaliwanag sa inyo na maaari ninyong maharang (“block”) ang karamihan ng mga singil ng ikatlong panig (“third party”) na maaaring isama sa singil ng inyong kumpanya ng telepono.

Ang pagbili ng mga serbisyo sa Internet

Mayroong mga ilang bagay na maaaring bilhin mula sa “Internet” at isama ang singil nito sa singil ng inyong kumpanya ng telepono. Unawain ang inyong binibili at ang halaga nito bago ninyo bilhin.

Paano Mapangangalagaan ang Inyong Sarili sa mga Singil na “Walang Pahintulot mula sa Ikatlong Panig”

Pagpapahintulot sa iba na gamitin ang inyong telepono sa pagbili ng mga serbisyo

Kayo ay maaaring managot sa mga singil kung ipinagamit ninyo sa iba (kasama ang bata) ang inyong “cell phone” para bumili ng isang bagay. Kung ayaw ninyong ipagamit ang inyong telepono sa pamimili, tiyaking ipaalam na huwag bibili ng anumang bagay na gamit ang inyong telepono.

Maaari ninyong ihinto ang pagsama ng mga singil sa inyong telepono. Lahat ng kumpanya ng mga telepono ay kailangang magbigay ng libreng pagharang (“blocking”) sa karamihan ng mga singil mula sa ikatlong panig (“third party”). Kung ang mga ito ay inyong hinarang (“block”), maaari pa ring gamitin ang inyong telepono pero hindi sa pagbili ng mga bagay mula sa ikatlong panig (“third party”) na isasama ang kanilang singil sa inyong kwenta. Tawagan ang inyong kumpanya ng telepono o tingnan ang kanilang “website” tungkol sa mga tuntunin ng pagharang (“blocking”). Kung may higit sa isa kayong “cell phone” na nasa inyong plano, sabihin sa inyong kumpanya kung aling telepono ang gusto ninyong magkaroon ng harang (“block”).

Laging tingnan ang inyong mga singil upang matiyak na ang mga singil dito ay tama at may pahintulot ninyo

Pagkatanggap ng singil ng inyong kumpanya ng telepono, tingnan kung may singil para sa mga serbisyo mula sa ikatlong panig (“third party”). Kung mayroon, tiyakin na kayo mismo o ang taong inyong pinahintulutan ang bumili. Tiyaking tama ang singil. Kung hindi pinahintulutan, kaagad tawagan ang inyong kumpanya ng telepono.

What to do if you have prepaid or pay-in-advance cell service

Iba ang pamamalakad ng “prepaid” o “bayad muna” na serbisyo sa mga iba pang klase ng mga serbisyo sa “cell phone”. Ang iba ay humihingi kaagad ng bayad na dapat ilagay sa isang espesyal na singil para sa inyong pagbili ng serbisyo. Tumawag sa inyong kumpanya para sa mga detalye.

Mga maingat na tuntunin sa pagbili ng mga serbisyo na gamit ang inyong “cell phone.”

Ang pagbili ng mga serbisyo na gamit ang inyong “cell phone” ay maaaring kasing-dali lamang ng pagpili ng “app” mula sa “online market” at pag-pindot lamang sa salitang “bumili” (“buy”).

a. Bago bumili, sunding mabuti ang mga sinasabi at tingnan at basahin lahat ang mga kaalamang nasa “screen.”

b. Pagkatapos ninyong pindutin ang “buy” (bumili), kayo ay maaaring tanungin muli kung gusto ninyong bilhin ang produkto sa pamamagitan ng pagsagot sa “order confirmation” (pagpapatunay ng binili).

c. Subukan kaagad ang inyong nabiling serbisyo at tingnan kung tama ang isinamang singil nito sa susunod na singil ng inyong kumpanya ng telepono.